Barangay Baclayan

Ika 29 ng Mayo, 2023

KGG. KARLO B. NOGRALES
CHAIRPERSON CIVIL SERVICE COMMISSION

DEPARTMENT OF ENVIRONMENT & NATURAL RESOURCES
RECORDS MANAGEMENT DIVISION
RECEIVED
JUN 15 2023
Sign: Time:

Kagalang-galang Nograles,

Magandang araw po!

Ito po ay may kaugnayan sa reklamo naming mga katutubong Mangyan laban kay DENR CENRO Anastacio Santos ng dito sa aming lugar sa isla ng Mindoro. Pinagkaitan niya kami ng proyektong pangkabuhayan ng DENR at ibinigay sa mga tao nya na hindi naman lihitimong mga katutubo dito sa aming lugar. Hindi katanggap tangap ang kanyang paliwanag tungkol sa basta basta na lang pag agaw sa aming lupang ninuno na sana ay kami ang nakikinabang dito. Kalakip nito ang sipi ng salaysay ng mga pangbabastos at di magandang asal at panlalait sa aming mga katutubong mangyan ni ginoong Santos noong kami ay nagpulong para sa sanay proyekto na aming gagawin. Pinuno pala ng sangay ng gobyemo ay pwede nang bastusin ang katulad naming mga katutubo. Kawawa naman po kami na walang kalaban laban.

Habang kami ay patuloy na nangangalaga at nagpapaunlad ng ating kalikasan, si g. Anastacio Santos na pinuno ng DENR CENRO naman ang sumisira nito dahil sya ay kasabwat ng mga iligalista dito sa amin.. Dahil nga sya ay kasabwat sa iligal na gawain, binigyan niya ng permit ang pagputol at pagbayahe ng isang track na kahoy ng nara na walang clearance galing sa DENR Sentral Office. Ang pagbibigay ng permit na pirmado ni g. santos ay isang paglabag sa umiiral na batas na pinatunayan naman ng tanggapan ng DENR PENRO dito sa amin. Ang nara ay ating pambansang puno at ngayon ay nauubos na at mahigpit na ipinagbabawal ang pagputol nito ng walang permiso. Nakakalungkot ang pangyayaring ito na mismong kawani ng DENR pa ang nangunguna sa mga iligal na gawain. Kalakip ng liham na ito ang isinampang kaso ng paglabag sa batas pangkalikasan PD 705 laban kay g, santos bilang *suspect* sa iligal na gawain.

Ginoong Commissioner, nais po sana naming mga katutubo ng patas na turing at karapatan para sa ating kalikasan at batas. Hindi dapat manatili sa sangay ng gobyemo ang isang kawani na bastos at nagungutya ng mga katutubong mangyan at hepe ng NCIP. Kapag ang amin pong kasamahan na mangyan ay nagkasala sa iilang pirasong kahoy, may kaso at kinukulong agad subalit si g. santos na malinaw ang pagkakasala ay hindi napaparusahan. Hindi na dapat ginagawang CENRO o pinuno ang mga bastos na kawani at kasabwat ng mga iligalista lalo pa at mga nara ang pinapaputol. Nakakadurog po ng puso na makita na pinaputol nya ang madaming puno ng nara pa naman kahit na nga ang permiso nito ay ginawang moro-moro laang. Mauubos po ang mga magagandang puno dito sa amin sa Mindoro kapag sya ay nanatili pang kawani dito sa aming lugar. Hindi namin kailangan ng ang isang bastos, at iligalistang cenro. Kawawa naman po ang aming mga anak at susunod pang henerasyon.

Para sa kabatiran at inaasahang agarang aksyon.

Sumasainyo,

Domingo Pampio at mga kasama

CC: *OFFICE OF THE PRESIDENT Presidential Action Center (PACE)*
*Office of the Secretary (DENR)*

OFFICE OF THE PRESIDENT Presidential Action Center (PACE)
GAMA Bldg., J. P. Laurel cor. Minerva St. San Miguel, Malacañang, Manila

MARIA ANTONIA YULO LOYZAGA